# *Mga Taga-Corinto, Aklat Ng Pagtutuwid*

Magandang umaga, mga kaibigan! Nabanggit ko kay Kapatid na Neville, na medyo paos ako sa umagang ito, at sa parating na rebaybal. Hindi po ako mangangaral sa inyo sa umagang ito, dahil paos na paos ako. Pero para sa munting grupo natin dito, magsa-Sunday school lang ako nang kaunti, tapos siya na ang mangangaral maya-maya. Kaya tayo . . . Magtuturo lang ako ng kaunting pag-aaral mula sa Biblia rito, tungkol sa bagay na maaari nating talakayin nang marahil labing-lima, dalawampung minuto. At marahil may ipagkakaloob sa atin ang Panginoon mula roon. Ngayon, Siya po'y tunay na mabuti sa atin, talagang mabuting-mabuti.

2 At, medyo, pagod tayo. Gising pa rin ako kahit gabing-gabi na kagabi. Ako'y . . . matapos na ako'y . . . Napakarami pong dumarating na tawag mula nang dumating ako. At—at nalingat ako't, hayan nga ang munti kong anak na lalaki na nagsubo ng mga butil ng bubog, nginunguya-nguya at subo-subo, 'yung bubog, at—at lulunukin pa nga, 'yung bubog mismo. At kaya kinuha namin siya at agad na pinagmumog. Tapos inasikaso namin siya, halos buong gabi, kaya medyo pagod ako sa umagang ito.

3 At dali-dali ako, nung mag-alas dose, na umalis papuntang Kentucky, at magtungo sa Kentucky para sa ilang iskedyul dun. At, pagkatapos, itong parating na sanlinggong ito'y ang ating pagtitipon naman.

4 At ngayon sisikapin ko lang, sa kaunting gabi na ito na makapangusap, kung makakaya ko. Hayan nga . . . wala naman po akong sipon. Nangaral lang po ako nang nangaral hanggang sa mapaos ang boses ko. Kita n'yo, apat na buwan po ito, na dire-diretso, kita n'yo. At kaya, pagkatapos n'yan, ako'y pupunta ng Canada, tapos babalik sa regular nating mga pagtitipon at sa ibayong-dagat.

5 Ngayon, habang nakaupo ako roon, nakikipag-usap kay Leo at Gene, kani-kanina, binubulay ko ang isang Kasulatan dito na maaari nating paghanguan sa umagang ito. Kung ang . . . Ngayon, nung una, parang gusto ko na lang na maupo roon nang ilang minuto, pagod na pagod po talaga ako, tapos sa isip-isip ko, "Mukhang hindi naman tama, na mauupo ako roon sa likod sa silid dun, at ang kongregasyon ay narito. Hayan nga't, mukhang hindi naman sa likod tutungo't lalagi ang Panginoon. Ang gusto ko nga'y naroon ako sa dako kung nasaan Siya."

6 Mangyari nga, na naniniwala ako na nakikita ko ang isa sa mga dahilan at sumadya ako sa umagang ito, haya't si Kapatid na Littlefield ay narito. Siyanga po. Gusto niyang makipagkita sa akin maya-maya pagkatapos ng gawain. At si Kapatid na Littlefield po'y taga-Tennessee pa, kung saan nagdaos tayo noon ng malaking—malaking pagtitipon sa dako roon, nito-nito lang sa isang gym ng hayskul. Di ko lang mabanggit 'yung pangalan nung siyudad. Taga-saan, ka nga ba, Kapatid na Littlefield? [Sinasabi ni Kapatid na Littlefield, "Cleveland."—Pat.] Cleveland. ["Tennessee."] Cleveland, Tennessee.

7 Nagtamasa nga kami ng malugod na panahon doon. At nandito siya. . . dumaan lang, para "kumustahin" ako, at kaya ang sabi ko'y dumalo siya sa umagang ito. May pupuntahan sana kami ngayong umaga, ibang lugar, at pagkatapos, sa ilang mga kaibigan na nais kong bisitahin, hindi para mangaral, bibisita lang, dahil nabanggit ko 'yun sa kanila. At mangyari naman na si Kapatid na Littlefield ay nandito, at si Doktor Beeland at sila. At kaya gusto kong sumaglit at makita sila sa umagang ito, 'yan ang dahilan at sumadya po ako.

8 Kaya, ngayon, sige po sa Aklat ng Taga-Corinto, sa bandang ika-10 kabanata, at ang unang apat o limang talata. Pagnilay-nilayan natin ito nang ilang sandali, para ang ating kapatid ay magkaroon pa ng panahon para mangaral.

Ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo, muna, at lumagi lamang sa Kanyang Presensya.

9 Mapagpalang Makalangit na Ama, kalakip ng tunay na mga kumikilalang puso ay yumuyuko kami nang may pagpapakumbaba sa harapan Mo sa araw na ito, para pasalamatan Ka para sa mabubuting bagay ng buhay. At sa pagtatanto na ang buhay ay talagang isang malaking pakikibaka. Kung sa isang banda ay di sa amin umaayon ang pagkakataon, sa kabila naman ay may pag-ayon sa amin, pero may darating nga na maluwalhating panahon na ang pakikibaka'y matatapos din. At makikita namin si Jesus na Siyang inaasam namin na makita sapagkat iniibig namin Siya, at naging kakilala Siya, at naging kamag-anak Siya. At tuwang-tuwa po kami na malaman na darating ang isang araw na makikita namin Siya.

10 Ngayon, sa araw pong ito, habang kami ay nagsusumikap sa silong ng matandang punongkahoy ng encina, siyanga mismo, para sa kaaliwan. Kagaya ni Abraham noon na nakaupo roon, naghihintay, at ang Diyos at dalawang Anghel ang dumating at kinausap siya. At umaasa kami sa Iyong pagparito sa umagang ito, at makapangusap sa aming mga puso, sa pamamagitan ng Iyong Salita, Panginoon, habang nagbubuklod kami sa palibot Nito.

11 Iyo pong pagpalain ang aming minamahal, na kalugud-lugod na pastor, Panginoon. Dalangin namin na Iyong pagkalooban siya ng kalakasan at katapangan. Dalangin namin na Iyong pagpapalain ang munting iglesya, at ang mga diyakono at ang lahat ng may pagmamalasakit sa dako rito, Panginoon, at lahat ng mga dumadalo rito; hindi lang po sa dako rito, kundi sa iba pang mga lugar, sa Iyong Iglesyang, pangkabuoan.

12 Iyo pong pagpalain ang mga kapatid namin na bumibisita't nandito sa piling namin sa umagang ito sa gawain. Dalangin namin na Ika'y sasakanila at tutustusan sila. Iyo pong patawarin kami sa aming mga pagkakasala, at mangusap sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

13 Kung di po ako nagkakamali si Kapatid na Coats po ay nakaupo rito ngayong umaga. Siya po'y...dinalaw para maipanalangin siya, nung isang gabi, sa Veterans Hospital; kanser. At nagagalak kami na makita kayo rito, sa umagang ito, Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Coats.

14 Ngayon, sa Aklat ng Mga Taga-Corinto, sa—sa ika-10 kabanata, itong Aklat po ng Mga Taga-Corinto ay aklat ng pagtutuwid. Dapat nating talakayin ang Aklat na ito ng Mga Taga-Corinto. Ito lamang ang tanging iglesya sa buong Bagong Tipan, na, mukhang, ang mga tagapanguna roon ay may kaguluhan. Mangyari nga, na ang Mga Taga-Corinto ay laging may kaguluhan. Si Pablo, nung bumisita sa kanilang pagtitipon, ang isa'y nagsasalita sa iba't ibang wika, ang isa'y may salmo, at ang isa'y may pakiramdam at isang sensasyon. At lagi siyang may kaguluhan na naeengkuwentro sa mga Taga-Corinto, sa pagtutuwid niya sa kanila.

15 Kung mapapansin n'yo, hindi siya makapagturo ng malalalim na bagay sa mga Taga-Corinto. Ang antas nila'y para bang isang—isang—isang sanggol. Sila—sila...Hindi siya makadako nang lubos, sa malalalim, na mga mensahe na naibahagi niya sa mga Taga-Efeso at naibahagi niya sa mga Taga-Roma, at turuan sana sila ng malalalim na mga bagay, dahil hindi nila kayang apuhapin 'yun. Sila—sila kasi'y nakadepende masyado sa munting mga sensasyon at mumunting mga bagay na gaya nun. Hanggang ganoon lang, "Naku, purihin ang Panginoon, may natanggap ako! Ako—ako nga'y nakatanggap ng—ng kapahayagan. May salmo ako. May propesiya ako."

16 At sabi nga ni Pablo, "Ang lahat ng mga bagay na ito'y mangatatapos." Kita n'yo? Bawat isa nito, ang mga ito'y hindi dapat pagsaligan nang lubos. At mangyari nga, na heto, ang bagay na pinagsisikapan niya na maibaling ang iglesya, ay sa angkla na 'yun, kung saan tayo'y—kung saan tayo'y may angkla kay Cristo, kung saan hindi tayo umaasa sa mga

sensasyon. Hindi tayo nananangan sa mga kapahayagan. Hindi tayo nananalig sa mga bagay na ito. Doon lamang, kay Cristo tayo nananalig. Sa pamamagitan ng pananampalataya haya't tayo'y uusad doon. Sadyang . . .

17 Napansin natin na si Pablo'y nakapagtuturo sa mga Taga-Efeso roon, kung papaanong bago itatag ang mundo, sila'y itinalaga na noong una tungo sa pagkukupkop bilang mga anak ng Diyos. Ngayon, siya . . . Walang nalalaman tungkol dun ang mga Taga-Corinto. Sila'y mayroon daw dapat . . . Kailangan daw mayroon silang kaunting pakiramdam, o kung ano, kaunting sensasyon, isang *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*. At nakasalig sila roon. Hindi siya makapagturo sa kanila ng malalalim na bagay.

18 Kaya, sa palagay ko, dakilang bagay 'yun kapag may mga tao kang nagagawa mong makapagturo ng malalalim na bagay, at masasaklaw ng Espiritu Santo ang dakilang mga katotohanan na ito, at iaangkla ito sa—sa puso ng mga tao, para malaman nila kung saan sila nakatindig, may sensasyon man o wala, may propesiya man o wala, at kung ano man 'yun, ano man. Mangyari nga . . . na di tayo . . . Ngayon alalahanin n'yo, hindi natin . . . Hindi ko sinasabi na ang Diyos ay di nakikipag-ugnay sa pamamagitan ng propesiya at mga bagay-bagay na gaya nun, mangyari lamang na di tayo dumedepende sa ganoon. Mas malalim ang kapit natin kumpara dun, kita n'yo. Dahil, sinabi niya, "Kung saan may mga propesiya, ito'y mangatatapos. Kung saan may mga wika, ito'y titigil. At kung saan may . . . "

19 At lahat nitong mga sensasyon na mayroon ang mga Taga-Corinto, wala ni isa sa mga 'yun ang patunay na sila'y ligtas. Wala ni isa sa mga 'yun ang patunay na sila'y ligtas. Wala . . . Maski ikaw man ay nakahihiyaw, ikaw man ay nakakapag-propesiya, nakakapagpagaling ka man ng mga may sakit, nakakapagsalita ka man ng iba't ibang wika, nakakapagsalin ka man ng iba't ibang wika, may karunungan ka man, at may kaalaman ka man, wala sa mga ito ang nangangahulugan na ligtas ka na; wala nga sa mga ito. Marahil kamit mo pa ang lahat ng ito, sabi nga ni Pablo, sa Unang Mga Taga-Corinto 13, haya't ligaw ka pa rin. "Ako'y walang kabuluhan," kita n'yo.

20 Pero kapag may kamit kang pag-ibig, isang angkla! Nitong umaga nga, mga isang oras bago magising ang maybahay ko, gising na ako. At may inihayag sa akin ang Diyos, na isang dakilang bagay kung papaano ibinubuklod ng Diyos ang Kanyang Iglesya na maglakip-lakip, sa pamagitan ng pagbubuklod ng pag-ibig, at kung papaano dapat. Wala ngang ibang paraan na ang isang tao'y maliligtas nang hindi maipapanganak na muli. Loobin ng Diyos, gusto kong mangaral sa parating na sanlinggong ito. At malapit na itong mabuo sa puso ko. Marahil magkakaloob sa akin ang Panginoon ng isang Mensahe tungkol dito.

21 Ngayon, ang Mensahe po sa umagang ito, habang dumarating 'yun sa puso ko roon, ito'y isang Mensahe, isang babala. At naisip ko, marahil, kung mailalahad natin ito bilang babala sa mga tao, gaya ng babala ni Pablo sa Mga Taga-Corinto noon. Kung maipaparating natin ang babala na ito sa mga tao, yamang nalalaman na nalalapit na tayo sa isang rebaybal ngayon, at isang panahon nga ng pagsisiyasat, kung saan dapat tayong masiyasat. Ngayon, sabi ni Pablo:

> *Sapagka't, mga kapatid, hindi ko ibig na di* ninyo *maalaman, na ang ating mga magulang ay nangapasa ilalim ng alapaap, at ang lahat ay nagsitawid sa dagat;*
>
> *At lahat ay...nangabautismuhan kay Moises sa alapaap at sa dagat;*

22 Ngayon, inihahatid niya sila riyan sa isang kaunawaan na noong ilabas ng Diyos ang Israel mula sa ilang, patungo sa ilang para maglingkod sa Kanya, at dalhin sila sa lupang pangako. Sila...Siya'y naglalagay roon ng isang halimbawa, na, kung papaano tayo inilabas sa lahat ng materyal na mga bagay, lahat ng—ng mga rituwal, at mga utos, sila'y pare-pareho. At nalaman natin, nung tumugaygay pa tayo sa aralin nating ito, na marami sa kanila roon noon ang ibinagsak. Dahil, nagagawa man nila ang lahat ng mga rituwal, at lahat ng mga utos, at lahat ng hinihiling ng Diyos, haya't ang mga puso nila'y di pa rin wasto sa Diyos.

23 Ngayon, kayang-kaya natin gawin ang maraming mga bagay. Nagagawa nating sumali sa komunyon. Nagagawa nating mabautismuhan tayo. Nagagawa natin—nagagawa nating makadalo sa simbahan, nailalagay natin ang mga pangalan natin sa aklat ng pagpapamiyembro, o maging kagalang-galang at kapita-pitagan sa abot ng makakaya natin, at sa kabila nun ay mapapahamak pa rin. Ito nga'y mataimtim na babala. Magagawa nga natin na sadyang...magbunyi talaga kapag ang Espiritu'y bumubuhos, at sa isang pagtitipon kung saan ang Salita ay naipapangaral, at ang mga kaluluwa nati'y magbubunyi sa Salita, at sa kabila nun ay mapapahamak pa rin.

24 "Ang ulan ay bumubuhos sa matutuwid at di-matutuwid." Ang siya ring ulan na nagpapatubo sa trigo, ay siya ring nagpapatubo sa damo. Ito'y dahil sa kalikasan ng isang nilikha, kita n'yo. Ang kalikasan nun ang nagsasabi kung ano ba talaga tayo. Kaya naman, 'yung kalikasan na narito sa atin, ang nagsasabi kung ano ba talaga tayo. Kita n'yo? Hindi...

25 Maaari nga tayong sobrang relihiyoso na anupa't hindi natin idinadampi ang ating mga kamay kapag Linggo, para gumawa ng anumang bagay. Marahil di natin tinatangka na magsulsi ni isang sulsi sa ating mga damit kapag Linggo. Marahil ang pakiramdam pa nga nati'y mali kung bibili ng pagkain kapag Linggo. At marahil napaka relihiyoso natin at napaka banal!

Pero, sa kabila n'yan, kung hindi tayo literal na naipanganak sa Espiritu ng Diyos, tayo nga'y sumasamba lang nang walang kabuluhan.

26 Kaya, ngayon, hayan nga't masakit po ito. At ang nais lang naman nati'y tunay na masumpungan ito at malaman ang Katotohanan. Dahil, alalahanin n'yo, hindi tayo mabibigyan ng pangalawang pagkakataon sa bagay na ito. Ito lamang isang ito, kaya marapat na maging sigurado kayo.

Ngayon, pansinin, "Hindi ko ibig na di n'yo malaman, mga kapatid."

27 Ngayon, itong mga Taga-Corinto, anong sinabi ko nung una pa lang? Idinedepende nila ang kanilang Walang Hanggang pag-asa sa kung anong sensasyon. Sabi ni Pablo, hayan nga . . . Heto, sabi, "Sa pagdako ko sa gitna ninyo, ang isa'y may *ganito*, at ang isa'y may *ganoon*. At ang isa—isa . . . " Sabi, ngayon, ang lahat ng 'yan . . . Ayos lang naman. Wala tayong anumang laban sa mga 'yan. Pero, sa kabila n'yan, hindi 'yan ang pinag-uusapan natin. Kita n'yo? Hindi 'yan.

28 Naalala ko nung una akong mapagbagong-loob. At una kong nakikita ang pagkilos ng Espiritu, at kung papaanong may ilan na nagagaya ang tunay, na dalisay na Espiritu Santo, at mangyari pa ngang sa paraan na ito'y, naku, imposible ngang masabi kung alin ang tama at mali, halos.

29 At nakatagpo na ako ng isang lalaki na alam ko, at ako, at sa pamamagitan ng isang espirituwal na pagkilala, hayan nga na natalos ko na ang lalaking 'yun ay may kinakasamang babae na asawa ng ibang lalaki. At heto ang lalaking ito na nakatayo roon na nagsasalita ng iba't ibang wika at ibinibigay ang interpretasyon nun, at lahat, at naglalahad pa nga mismo ng mga mensahe. At heto . . . At nakatagpo ko rin 'yung isa pa sa isang lugar kung saan nakausap ko siya nang kaunting sandali, at, ang lalaki'y isang tunay na totoong Cristiano.

30 At sa isip-isip ko, "Papaanong ang Espiritu na 'yun, ang siya ring Espiritu, kung saan aking . . . " Yun 'yung unang beses na nasaksihan ko ang pentecostes. At sa Mishawaka, Indiana po ito. At sinasabi ko nga sa inyo, talagang . . . Sa isip-isip ko, sa unang ilang oras na naroon ako, iniisip ko na nasa kalagitnaan ako ng mga Anghel. At sa sumunod na ilang oras, sa isip-isip ko nasa kalagitnaan ako ng mga demonyo, nung nalaman ko 'yun. Nakita ko ang dalawang kalalakihan na ito, ang isa'y nagbigay ng mensahe, ang isa'y nagbigay ng interpretasyon.

31 Hindi pa ako nakakaranas na makapakinig ng pagsasalita sa iba't ibang wika, at mga bagay na gaya nun, noon. Nasaksihan ko ang mga espiritu na 'yun, kung papaanong kumilos ang mga ito. Sa isip-isip ko, "Oh, grabe! Aba, nagsimula na ang dakilang Milenyum." At pagkatapos nung magkaroon ako ng pagkakataon, sa labas, na makausap ang isa sa kanila at matalos

kung ano mismo ang lalaking ito, mangyari nga na ang isang ito'y masamang-masama pala.

32 At—at nung gabing 'yun, nasaksihan ko uli sila, at sa isip-isip ko, "Oh, ilayo n'yo ako sa lugar na ito. Hindi ko maintindihan kung papaano ito nangyayari." At nakita ko mismo na ang mga bagay na 'yun ay naroon naman sa kung ano ang nasa Biblia. Pero heto ang isa na nagpapamalas dun, na wala sa kanya ang Espiritu ng Diyos; at ang isa naman na nagpapamalas nito, hayan nga na nasa kanya ang Espiritu ng Diyos. Pagkatapos nalito ako nang husto. At hinayaan ko na lang muna ang bagay na 'yun.

33 At mga ilang taon pagkatapos, matapos ang baha, ako'y papunta noon, naglalakad sa daan patungong Green's Mill, si G. Isler, ang senador ng estado, dumadalo siya rito sa simbahan, nakatagpo niya ako sa daan, at inakbayan niya ako, sabi niya, "Billy, ano para sa iyo si Cristo ngayon?" Ang tatay ko noon ay kamamatay lang. Ang kapatid ko'y kamamatay rin. At ang asawa ko'y kamamatay rin noon. Maging ang anak kong sanggol ay kamamatay rin lang. At ako'y . . .

Sabi, "Ano na Siya ngayon sa iyo?"

34 Sabi ko, "G. Isler, Siya nga'y higit-higit kaysa buhay para sa akin." Sabi ko, "May bagay na nangyari sa akin. Mga ilang taon ang nakalipas, si Cristo'y dumako sa puso ko. At aking—aking . . . Ito'y bagay na nangyari na higit sa pagkatao ko. Isa itong bagay na talagang nangyari. Hindi ito dahil relihiyoso ako. Hindi po. Ito nga'y bagay na ang Diyos, sa pamamagitan ng biyaya, ay ipinangyari sa akin." At sabi ko, "Ako man ay patayin Niya, ako'y magtitiwala't magtitiwala sa Kanya ano't anuman. At kung mapunta man ako sa impyerno, at may umiiral pa rin na pag-ibig, sa impyerno, iibigin at iibigin ko pa rin Siya." Ganoon po. May bagay na *narito*. Siya'y tama. Nararapat lang sa akin ang bawat parusa na natanggap ko. Sa inyo man ay ganoon din. Mangyari nga na kung ang angkla na 'yun, ang Bagay na 'yun, kung ang angkla na 'yun ng pag-ibig ng Diyos, na kumakapit sa puso ng tao. Ang lahat ng iba pang mga bagay ay magiging pangalawahin na lang.

35 Habang nakaupo ako roon sa troso, may ipinapanalangin ako noon na ibang bagay. Tapos bigla na lang bumuklat ang Biblia ko, at nabasa ko roon . . . bumuklat sa Aklat ng Mga Hebreo, sa ika-6 na kabanata. At nabasa ko roon, kung papaanong, "Imposible para sa mga minsang naliwanagan na, at sa mga naging kabahagi ng Espiritu Santo, na makitang sila'y mahiwalay, na ipanauli pa nila ang kanilang mga sarili tungo sa pagsisisi. Sapagkat ang ulan na dumarating sa ibabaw ng lupa, para tubigan ito, para bukirin ito, na bagay na pinaghandaan nito. Pero ang bagay na hahantong sa pagkatakwil, mga tinik at dawag, na hahantong sa pagkatakwil, ay susunugin."

36 At patuloy na nangungusap sa akin ang Espiritu Santo tungkol dun. "Ano kaya 'yun?" Paulit-ulit kong binasa 'yun. At pagkatapos may dumating na pangitain. At nakinita ko ang mundo na nasa harapan ko, umiikot. At may mga linya-linya sa buong palibot, at para ngang inararo at nakahanda para taniman. At may dumating doon na isang lalaki, na nakaputi, naghahasik ng mga binhi. At matapos na makalampas siya sa kurbada ng mundo, isang lalaki ang dumating, na nakaitim naman, naghahasik ng mga binhi sa likuran nung naunang lalaki. At nung ang mga binhi na inihasik nung mabuting lalaki, ay tumubo, ang mga 'yun ay trigo. At dun naman sa masama, sa lalaking maitim na naghasik, nung ang mga binhi ay tumubo, haya't ng lalaking ito na nakaitim. Nung tumubo ang mga 'yun, haya't lumitaw na mga damo pala. At, oh, ang isa nga'y ibang-iba dun sa isa.

37 At may malawakang tagtuyot ang dumating, sa pangitain. At inilaylay ng munting trigo ang ulo nito; uhaw na uhaw mismo sa maiinom. At ang—ang damo'y naglaylay din ng ulo; uhaw para sa maiinom. Pagkatapos may malaking ulap na namuo sa ibabaw, at ang mga ulan ay nagsimulang bumuhos. Haya't ang munting trigo'y tumindig nang tuwid at nagsimulang sumigaw, "Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!" Tuwang-tuwa ito na maulanan siya ng tubig. At tumindig din ang munting damo, nagsimulang humiyaw, "Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!" sa siya ring tubig na yaon.

38 Pagkatapos naunawaan ko. Kita n'yo? Hayan nga ito. Ang Espiritu Santo ay bubuhos, pero, "Sa pamamagitan ng kanilang bunga, ay makikila n'yo sila," ang sabi ng Panginoong Jesus. Kita n'yo? Kita n'yo? Hindi na sa kung ano ang magiging reaksyon ng Espiritu, kung sila ba'y nagpapagaling ng mga maysakit, o kung sila ba'y nagsasalita sa iba't ibang wika, o kung sila man ay umaawit sa Espiritu, o kung sila man ay nakakapagbunyi sa paraang *ganito* o *ganoon*. Puwede nilang gawin ang lahat ng 'yun at mapapahamak pa rin. Nakadepende ito sa buhay na nasa loob n'yo, isang karanasan ng pagkapanganak na muli.

39 Ngayon, pinagsisikapan ni Pablo na ihatid ito sa mga Taga-Corinto. "Aking . . ."

> *Sapagka't, mga kapatid, hindi ko* ibig*. . .na di ninyo maalaman, na ang. . .ating mga magulang ay nangapasa ilalim* lahat *ng alapaap, at. . .nagsitawid sa dagat;*
>
> *At lahat. . .ay nangabautismuhan kay Moises. . .*

40 Lahat sila'y sumuong sa disyerto. Sinabi ni Jesus, "Hindi lahat ng nagsasabi, 'Panginoon, Panginoon,' ay makakapasok. Bagkus ang gumagawa sa kalooban ng Aking Ama na nasa Langit." Hindi nga ito sa kung ano ang nasasabi mo.

Magagawa mong ipangaral ang Ebanghelyo at sa kabila nun ay kapahamakan pa rin. Tunay.

41 Hindi po ito pambatang bagay. Ito'y ganap na. . .Ito'y malalim. At ang pagka-Cristiano ay di isang munti't, mababaw, na panlabas lang na bagay, na parang, "Buweno, magpupunta ako ng simbahan, at alam ko kasi na tungkulin kong magsimba." Hindi ganyan ang pagka-Cristiano. Kapatid, ang pagka-Cristiano'y hindi . . .

42 Isa itong bagay na ang Diyos ang may gawa. Pinili kayo ng Diyos, kay Cristo, at iprinesenta kayo bilang isang kaloob ng pag-ibig, kay Cristo. At kung. . .Isa itong pagtawag ng Diyos, paghirang! At kung may pagkakataon tayo na maging ganoong uri ng tao, at pagkatapos ay tatanggihan, para sa ano't munting salaulang mga bagay ng sanlibutan? Ngayon pakinggan n'yo po habang tumutugaygay tayo.

> *At* ang lahat *ay nagsikain* niyaon *na iisang espirituwal na* manna;

43 Narinig n'yo na 'yun? Itong ika-3 talata.

> *At* ang lahat *ay nagsikain ng iisang espirituwal* na manna;

44 Ano ang tinutukoy niya rito? Ang mga pansimbahang rituwal. Ang mga tao'y nagpupunta sa simbahan at sinasabi na sila'y nagsipagsisi, at nabautismuhan kay Cristo, dinadala ang Pangalan ng Panginoong Jesus. "At ginawa nila ito sa ilang, din," sabi ni Pablo. Ganoon din mismo ang ginawa ng mga Taga-Corinto. Sila'y nagsipasok din naman at nabautismuhan kay Cristo. Dinala si Cristo, pero sa panlabas lang. Hanggang sa pagsasalita lang ang pagdala sa Kanya. Intelektuwal lang ang pagkakatanggap sa Kanya.

45 Pero, kapatid, ito nga'y higit pa sa pagiging intelektuwal. Ito'y lampas pa n'yan. Umaabot ito hanggang sa isang—isang tunay na Kapanganakan, hindi basta pangkaisipang hinuha lang o emosyunal na pagkilos. Bagkus, isang Kapangakan, isang karanasan, isang bagay na babaon nang malalim sa puso at babaguhin ang kaloob-looban, na ibubunsod ka na gumawa ng mga bagay na di mo magagawa sa sarili mo, sa madaling sabi. Ibubunsod ka na ibigin mo ang mga di kaibig-ibig. Ibubunsod ka na kumilos ng iba kaysa sa iniisip mo na kaya mong ikilos.

46 At kapag may mga situwasyon na uusbong, ito ang angkla n'yo. Hindi na kayo mangangamba pa, "Makakaya ko ba?" Oh, hindi. Hindi kasi ito sa kung kaya ko ba. Kinaya na ito para sa akin. Si Cristo na nasa akin, ang gumawa na nito, Siya Mismo, at ako lamang ay nagtitiwala sa Kanyang angkla. Grabeng kamangha-manghang bagay!

47 Pansinin, lahat sila'y nakisalo sa komunyon. Yung liwanag noon na nasa. . .Alam natin na sa natural ito noon, dahil 'yun

ay parang mala-niyebeng bagay na umulan mula sa Langit, na maninipis na mga tinapay na may pulot sa ibabaw nun. Yun . . . Yung maninipis na tinapay na 'yun ay parang mumunting kraker, mumunting biskuwit, at may pulot sa ibabaw nun. At lahat sila'y sumalo roon. Ang lahat ay tumawid mismo sa Dagat na Pula, at nabautismuhan sa pamamagitan ng Ulap at sa pamamagitan ng dagat, kay Moises. Sumusunod sa kanyang mga tagubilin, bilang lingkod ng Diyos, lahat nga sila'y nabautismuhan sa kanya. Lahat sila'y mga tagasunod, gaya natin sa panahon ngayon, na pinangungunahan ng Espiritu Santo, ang dakilang Tagatagubilin ng Iglesyang Cristiano. Pinangunahan tayo, tungo sa pagbabautismo sa tubig.

At sinabi niya, "Lahat sila'y nagsikain ng siya ring manna." Ang . . .

48 Ano nga ang nangyari roon? Umulan ng manna kina Core at sa kanyang grupo, gaya ng kung papaanong umulan kina Moises, Caleb, at Josue. Sama-sama sila roon na halo-halo, lahat ay naging kasalo sa bautismo, lahat ay naging kasalo sa pagiging miyembro, lahat ay naging kasalo sa pagpapahayag, at, ngayon, ang lahat nga'y naging kasalo sa komunyon.

49 Nakukuha n'yo ba? Tingnan n'yo po ang taimtim na babalang ito. At, mga tao rito sa tabernakulo, patimuhin n'yo ito nang malalim. Alalahanin n'yo, ang Walang Hanggan n'yong patutunguhan, ang nakasalalay rito. Huwag n'yo pong palampasin ito na parang munting baha lang o kung ano. Ito'y bagay na dapat ay paglagakan natin nang hustong respeto. Ito'y bagay na magsasabi kung tayo ba'y may inaasahang pagkabuhay pagkatapos o wala.

50 Lahat sila'y nabautismuhan kay Moises, sa pamamagitan ng Dagat na Pula. Lahat sila'y nagsisunod sa siya ring Espiritu na Yaon, ang Ulap at ang Haliging Apoy. Lahat sila'y pinangunahan mismo ng siya ring Anghel. Lahat sila'y lumabas sa pamamagitan ng siya ring pastor. Lahat sila'y nabautismuhan sa dagat. Lahat sila'y kumain nung espirituwal na manna. At ang manna na 'yun ay si Cristo. Si Cristo na bumaba, ang manna ay bumababa tuwing gabi mula sa Langit, at namatay dito, para tustusan ang mga tao sa kanilang paglalakbay.

51 At si Cristo'y nagmula sa Langit at ibinigay ang Kanyang buhay, na, "Sinumang sumasampalataya sa Kanya ay hindi mapapahamak bagkus may Buhay na walang hanggan." Bumaba si Cristo at naging ang manna natin, para tayo'y kumain sa siya ring espirituwal na mga pagpapalang ito.

52 Kaya naman, ang Espiritu Santo ay maaaring bumaba sa kalagitnaan ng mga tao, at sa kapwa Cristiano at malahininga, at sa mga kala-kalahating mananampalataya at mga mananampalatayang hanggang hangganan lang na kapwa kakain nun. Pero hindi nga 'yun ang magpapatunay.

Oh, kung may sapat na salita lamang ako, para mapatimo ko ito at maitali nang mahigpit sa puso ng bawat tao rito. At makita kung gaanong kalalim ang bagay na ito. Na hindi ito bagay na lalaru-laruin n'yo na lang. Hindi po ito basta pagdalo lang sa simbahan.

53 Ngayon, pakinggan n'yo. Lahat sila'y kumain sa siya ring espirituwal na manna. Isipin n'yo 'yun, espirituwal na manna!

54 "Oh," sasabihin n'yo, "Alam kong ligtas ako. Hallelujah! Nakasigaw kasi ako sa Espiritu. Naramdaman ko kasi 'yung *ganito*." Wala nga 'yang kinalaman maski ano rito. Nakikita n'yo ba kung papaanong ibinabase natin ang ating Walang Hanggang patutunguhan sa kung anong sensasyon? Nakikita n'yo ba, sa araw na ito na kinabubuhayan natin, kung papaanong ang mga tao'y binabase nila ang kanilang—kanilang patutunguhan sa kung anong munting sensasyon? "Oh," sasabihin, "Batid ko na nakamit ko Ito, dahil naramdaman ko—naramdaman ko ang Kapangyarihan na tumagos sa akin. Nagawa ko pa nga 'yung *ganito*." Marahil ganyan na ganyan nga ang totoong nangyari, at sa kabila n'yan ay sa kapahamakan pa rin kayo.

55 Oh, kung may sandali lang tayo. Sige't bumuklat tayo sa Unang Mga Taga-Corinto 13, dito, pansumandali, at pakinggan n'yo kung ano ang sinasabi ni Pablo tungkol dito, rito.

> *Kung ako'y magsalita ng*. . .*mga wika ng mga tao at ng*. . .*mga anghel, datapuwa't wala akong pagibig* (ito po'y pag-ibig), *ay ako'y naging* isang *tanso na tumutunog,* at sa *batingaw na umaalingawngaw.*

> . . .*kung magkaroon ako ng kaloob na panghuhula, at maalaman ko ang lahat* ng *mga hiwaga, at* maalaman *ang lahat* ng *mga kaalaman; at kung magkaroon ako ng buong pananampalataya, na ano pa't* mapalipat *ko ang mga bundok, datapuwa't wala akong pagibig, ay wala akong kabuluhan.*

56 Pakinggan n'yo nga ang mahigpit na matandang apostol na ito na pinatimo niya 'yun nang husto sa iglesyang ito na nananangan sa sensasyon, na ibinabase ang kanilang pag-asa sa mga sensasyon. Ngayon, araling Sunday school po ito. Ito po'y dako ng pagtutuwid. Ito'y dako ng pagtuturo. At sa aba ng isang tao na tatayo sa pulpito at ililigaw ang sinuman. Kapatid, panahon na ngayon para ihambing ang Kasulatan sa Kasulatan. Siyanga.

> *At kung ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha,*. . . *kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin, datapuwa't wala akong pagibig, ay walang* pakikinabangin *sa akin.*

57 Kita n'yo, lahat ng mabubuti mong kilos, lahat ng mabubuti mong gawa, lahat ng espirituwal na mga bagay na mayroon

kayo, lahat ng mga kaloob na ito na mayroon kayo, lahat ng mga sensasyon na mayroon kayo, lahat ng kagalakan na mayroon kayo, lahat ng kapayapaan na mayroon kayo, wala ngang kinalaman ang lahat ng ito, kung tutuusin. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

58 Bulayin n'yo nga 'yun, pansumandali. At isipin n'yo nga ang mga kaiglesyahan ngayon, ang nagtatanyagan nating mga kaiglesyahan, Presbyterian, Methodist, Baptist, at mga denominasyon, haya't dahil sa iniisip lang nila na nakapagsasabi sila ng, "Ako'y naniniwala," tapos papasok, ilalagay ang pangalan nila sa aklat ng pagdalo, ay 'yun na raw 'yun. Grabeng layo na ng pagkalihis nila!

59 Iniisip ng ating mga kapatid sa Pentecostal, buweno, dahil sa may kamit silang munting sensasyon, maganda ang kanilang pakiramdam, nakapagsalita sila sa iba't ibang wika, may lumalabas na dugo sa kanilang kamay, kaunting langis sa kanilang mukha, o kung ano, "Naku kamit na namin ito." Oh, sampung milyong milya ang layo! Nakukuha n'yo ba? Tingnan n'yo kung papaanong ang diyablo, yamang diyos ng sanlibutang ito, ay binulag ang mga mata nila, at sila'y nagpapatuloy lang sa pamumuhay ng gaya nun. Pakinggan n'yo.

> Yamang *kung ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, at kung ibigay ko ang aking katawan*. . .*sunugin, datapuwa't wala akong pagibig,*. . .*walang pakikinabangin* sa akin.

60 Tingnan n'yo ang lahat ng mga kaloob na 'yun, lahat ng mabubuting bagay na 'yun. "Napapakain ko ang mga dukha. May mabuti akong puso. Nagagawa ko 'yung *ganito*. Nagagawa ko 'yung *ganoon*. Nakakapagsimba ako. Nakakapagsalita ako sa iba't ibang wika. Nakakapag propesiya ako. Nakakapagpagaling ako ng maysakit. Nakakapangaral ako ng Ebanghelyo. Nagagawa ko ang mga bagay na ito." Sabi ni Pablo, "Sa kabila nito, ako'y walang kabuluhan." Lahat kasi ng mga bagay na ito ay maaaring gayahin sa karnal na pamamaraan. Ngayon ano bang sinasabi niya?

> *Ang pagibig ay mapagpahinuhod,*. . .*magandang-loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri,*. . .*hindi mapagpalalo,*
>
> *Hindi* naguugaling *mahalay*, hindi hinahanap ang kaniyang sarili,. . .(Isipin n'yo 'yun!) *hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama;*

61 Pag-ibig, pag-ibig. Ano ang pag-ibig? Ang Diyos. Papaano dumarating sa inyo ang Diyos? Sa pamamagitan ng Kapanganakan. Kita n'yo?

62 Ngayon, lahat sila'y nabautismuhan tungo kay Moises. Lahat sila'y kumain ng komunyon. Lahat sila'y nagtamasa nung

siya ring espirituwal na manna na nanggaling sa Diyos. Bawat isa sa kanila'y kumain ng siya ring bagay na 'yun.

63 At, ngayon, nakatayo tayo sa palibot at napapakinggan ang Salita, at nagbubunyi dahil Dito, at dadampot sa Manna at kakainin Ito, at sasabihin, "Oh, hallelujah! Ang inam nito. Oh, lugod na lugod ako Rito. Oo, nabautismuhan ako sa iglesya. Ako—ako nga'y nakapagpahayag nang hayagan. Nailagda ko ang pangalan ko sa aklat ng pagdalo. Miyembro ako ng kapisanan." Lahat ng 'yan ay ganap na walang kabuluhan kung wala nga itong bagay na ang Diyos mismo ang gumawa. Kung... Yang mga bagay na nagawa mo. Yang mga bagay na 'yan ay mga bagay na dulot ng inyong pananampalataya.

64 Pero, maliban na ang Diyos ay may gawin sa inyo, tungo sa bagong Kapanganakan! Sandali lang po. Ngayon sa ika-4 na talata.

> *At lahat ay nagsiinom sa siya ring espirituwal na* Bato: *sapagka't nagsiinom sila sa espirituwal na Batong yaon na sumunod sa kanila: at ang batong yaon ay si Cristo.*

65 Lahat sila'y nagsiinom mula sa bukal na yaon, sila'y nagalak. Kung ganoon anong ibig sabihin nun? Ang trigo at ang damo ay parehong nagalak sa pagtamo ng espirituwal na tubig na yaon. Dumadalo tayo sa simbahan. Ipinapalakpak natin ang ating mga kamay kasama nila. [Ipinapalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay—Pat.] Humihiyaw tayo kasama ng iba pa sa kanila. Nagsisitalon tayo nang taas-baba sa sahig kasama nila. Pinupuri natin ang Diyos kasama nila. Nagpropropesiya tayo kasama nila. Nagsasalita tayo sa iba't ibang wika gaya nila. Nananalangin tayo para sa mga maysakit kasama nila. Pero ang sabi niya...Ngayon pakinggan n'yo, habang tayo'y lumalalim sa ating pagtugaygay.

66 Ngayon dito...gusto ko lang huminto pansumandali, oh, sa, "ang Bato na yaon ay si Cristo." Ang Bato ay si Cristo. Naroon 'yun sa pisikal na anyo noon, kung papaanong narito ito sa espirituwal na anyo ngayon. Ang Manna, ang Pagkain, na yaong Salita na nagbubuhat sa Diyos na mula sa Langit, si Cristo ang Salita ng Diyos, at kinakain natin ang Salita. Kita n'yo? Umuupo tayo, katulad sa Mensahe ngayong umaga, nakikinig tayo. Ang mga kaluluwa nati'y umaabot at kinukuha ang Salita. Nabubuhay tayo sa pamamagitan ng Salita. Ang sabi niya, "Lahat sila'y kumain nung siya ring espirituwal na Manna, at lahat sila'y nagsiinom, ang lahat ay nagsiinom mula sa siya ring espirituwal na Bato, at ang Bato na yaon ay si Cristo." Isipin n'yo 'yun.

67 Ngayon anong gagawin niya? Tutuldukan niya 'yun dito. Binabalaan niya ang mga Taga-Corinto, "Mag-ingat kayo sa ginagawa n'yo. Sa pagdako ko sa inyo, ang isa'y may salmo, ang isa'y may wika, ang isa'y may *ganito*, at ang isa'y may *ganoon*,

ang isa'y may propesiya, ang isa'y may kapahayagan, ang isa'y ginagawa 'yung *ganito*, at ang isa'y ginagawa 'yung ganoon." Mag-ingat kayo. Huwag n'yong ibase ang pananampalataya n'yo riyan. Gayong ang mga bagay na 'yan ay ayos lang naman, ang mga 'yan ay may kanya-kanyang pinaglalagyan, haya't sa iglesya, pero huwag na huwag n'yong ibabase ang inyong kaligtasan riyan. Kung ang buhay n'yo ay di tumutugma sa Salita ng Diyos, kung ganoon ay oras na para magpakatuwid sa Diyos.

68 Pansinin, ngayon, at, itong Bato, ang Bato na ito ay yaong Bato na nasa ilang noon.

69 At gusto kong pansinin n'yo, noong tawagin ng Diyos si Moises, at isinugo siya sa Egipto para ilabas ang mga anak ni Israel mula sa pamatok ni Faraon, sabi Niya, "Ano 'yang nasa kamay mo?"

Tapos sabi niya, "Isa pong tungkod."

70 At hinawakan niya ang tungkod at inihagis sa lupa, at naging ahas ito. At siya, si Moises, ay napaiwas. Tapos pinulot niya 'yun, at naging tungkod 'yun sa kamay niya.

71 At 'yung tungkod na 'yun, noong magpunta na siya ng Egipto, iniunat niya 'yun sa ibabaw ng Egipto, at lumitaw ang mga langaw. Iniunat niya 'yun, at bumuhos ang mga salot. Iyon ang paghahatol ng Diyos. Ang paghahatol ng Diyos ay naroon sa pag-uunat ng tungkod.

72 At pagkatapos, pansinin, bago maging marapat na hawakan ang tungkod na 'yun. Ipinasok ni Moises ang kanyang kamay sa kanyang dibdib, kinetong ito.

73 Gaya ng bawat tao, sa simula't sapul, ay isang makasalanan sa kalikasan. Walang ibang pamamaraan. Ipinanganak kang makasalanan, inanyuan sa katampalasan, dumating sa mundo na ang salita'y kasinungalingan. Marahil may dedikasyon pa sa iyo sa altar ng simbahan ng iyong nanay. Marahil winisikan ka pa nga. Marahil ika'y *ganito*, *ganoon* pa nga. Pero isa kang makasalanan, sa simula't sapul.

74 Tapos, heto pa ang isa. Sabi ng Diyos, "Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong dibdib." Sa ibabaw ng kanyang puso, ipinasok niya uli ang kanyang mga kamay, pagkaatas na pagkaatas ng Diyos, kung saan tayo nanggaling. Sa simula, kinetong ang kamay niya. Pinalitaw ka ng Diyos, sa una, na isang makasalanan; hindi nga dahil sa ito ang pinili mo, bagkus sa kalikasan; tapos ibinalik ka uli. Tapos nung ilabas na niya, yaong kamay ay malinis at walang bahid na mismo, yamang ipinapakita na ang kamay na ito, bago nito marapat na hawakan ang tungkod ng paghatol, at kailangan na malinis na kamay muna, bago ito iwagayway. At sinumang ministro, sinumang tagapagturo . . .

75 May napakinggan ako nitong umaga na para bang abot-abot sa dugo ko ang pagkadismaya, nung buksan ko ang radyo ko, bago ako magpunta rito. Wala pong pagtatangi; haya't kung mayroon man dito, na may kaugnayan sa taong ito, hindi ko po sadya na masaktan kayo. Pero ito ang panahon. . . At tulungan nawa ako ng Diyos sa tuwina na maging hustong Cristiano na isalansan mismo, na tawaging itim ang itim, at ang puti ay puti't, maging tapat lamang.

76 May narinig akong umaawit, at ang sabi, "Ito ang testamento ko." At bumuklat at bumasa ng isang Kasulatan, at nangaral mula sa unang Awit, "Mapalad ang tao na hindi nauupo sa upuan ng mga manlilibak, ni lumalakad sa daan ng mga makasalanan." Alam n'yo ba kung sino ito? Yung tagapagtaguyod ng rock-and-roll, si Jimmy Osbourne mula sa radyo, ipinapangaral ang Ebanghelyo.

77 Oh, kapatid, kung may bagay nga na maituturing na kahihiyan! Ang isang taong kagaya nun ay walang karapatan na mangialam sa Salita ng buhay na Diyos. At tingnan n'yo na lamang ang lalaking ito na naroon sa Renfro Valley Barn Dance, buong gabi sa salaulang pagsasayawan, ipinapalakpak ang kanilang mga kamay sa salaulang pagsasayawan. At pagkatapos kinaumagahan, magbabago ng boses at magsasalita na parang isang Cristiano. At, naku, napakahalay at napakarumi sa harapan ng Diyos.

78 Ang kamay na 'yun na wawagayway ng Tungkod na 'yun ng kahatulan ay kinakailangan na malinis sa pamamagitan ng Kapangyarihan at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Wala siyang karapatan na pakialaman ang Salita ng Diyos. Kahit na gaano pang karaming mga mangangaral ang pinagpipilitang iabsuwelto si Elvis Presley, na anupa't wala ngang iba sa mundong ito kundi ang modernong Judas Iscariote. Si Judas Iscariote ay may tatlumpung piraso ng pilak; si Elvis Presley ay may milyong dolyar at hile-hilera ng mga kotseng Cadillac. Mangyari nga, na ipinagbili niya. Isa siyang Pentecostal na mananampalataya, at ang kaso'y ipinagbili ang kanyang pagkapanganay para magrock-and-roll, at kinasihan mismo ng diyablo. At hindi nga ako mangingimi na sabihin ito. Hindi, nga. Haya't isang modernong Judas Iscariote.

79 At, pagkatapos, heto ang mga ministro na pilit ginagawang kagiting-giting ang ganoong bagay. At hayan si Elvis Presley na magsasalita, "Opo, isinasa-Diyos ko ang lahat ng mga katagumpayan ko." Papaano nga na ang isang buhay, na banal na Diyos ay magbibigay ng katagumpayan sa isang kahalayan at isang diyablo't, inalihan ng demonyong bagay?

80 Yan nga'y ganap na isa sa pinaka malaking sagabal na nakita ng bansang ito kailanman, isang lalaki na gaya ni Elvis Presley na nagdala ng milyun-milyong mga kaluluwa sa impyerno, sa

pamamagitan ng kanyang salaula't mahalay, na maruming rock-and-roll. Tunay. Hindi po ako mangingimi, ano't anuman. Kung naniniwala kayo na ako'y propeta ng Diyos, alalahanin n'yo, may diyablong nagsalaman din. Tunay.

81 At si Jimmy Osbourne at sila'y walang karapatan na mangialam sa Salita ng Diyos. At maging sinuman na iba pa na ginagamit ang pangalan ng Diyos sa walang kaparararakan, sa mga salaulang kasiyahan at sayawang may rock-and-roll at mahahalay na mga bagay gaya nun, na tatayo sa anumang pulpito at susubukang gamitin ang Salita ng Diyos.

82 Yan ang problema sa marami sa mga kaiglesyahan ngayon, may mga idadaos na mga munting boogie-woogie sa mga dakong gaya nito rito. Na may munting dalagita na magpupunta sa mga sayawan na 'yan at gagawin itong kung anu-anong rock-and-roll dito, sa gabi; tapos dudulog sa altar, at sa kasunod na gabi ay tatawagin pa sa itaas at pakakantahin ng espesyal na kanta. Ang ilan pa nga sa inyo'y kumukuha ng matatandang gitarista mula sa mga lugar na ito gaya ng nightclub, tapos pasasampahin siya sa pulpito, mangangaral, sa loob lang ng dalawang linggo.

83 Kapatid, sinasabi ko na sa inyo, hindi niya maaaring gawin 'yan dito. Hindi, talaga. Kinakailangan niyang magsiyasat, para patunayan ang kanyang sarili na siya'y isang lingkod talaga ng Diyos, at dun malalaman. Hindi tayo nagtitiwala sa ganitong damagang sabak na lang na gaya nito. Mangyari nga na 'yan ang naghatid sa iglesya sa kondisyon nito ngayon.

84 Ang kailangan natin ay Katotohanan. Ang Salita na ito'y Katotohanan. Siyanga. Ang kamay na wawagayway sa Tungkod na ito ng kahatulan ay kinakailangan na malinis na kamay. Tunay.

85 Ang kamay na 'yun ni Moises ay nilinis, at pagkatapos ang tungkod ay inilagay roon. At ibinaba ang tungkod at nagdala ng kahatulan sa Israel.

86 At pagkatapos, sa ilang, ang magandang tipo na 'yun. Tapos magtatapos na ako. Itong magandang tipo, kung saan may Bato, "at ang Bato na 'yun ay si Cristo."

87 At mangyari nga na ang mga nangangamatay na tao'y uhaw na uhaw, sa tubig, at marapat lang 'yun sa kanila. Marapat lang sa kanila na mamatay dahil panay ang bulung-bulungan nila. Panay ang reklamo nila. Hindi sila mga mananampalataya, sa simula pa lang. Wala nga sila't intelektuwal lamang na mga mananampalataya. Sila . . . Noong ang—ang sobrenatural ay naipamalas, hayan nga ang halu-halong mga tao na sumama sa paglabas. Hindi sila pinagbagong-loob sa puso nila.

88 Tatatlo lang sa grupong 'yun, ang nalalaman natin; si Moises, si Aaron, at si Caleb, si Miriam.

89 At maging si Miriam ay nagpakita ng pagtataksil, din, nung magtawa siya, dahil si Moises ay kasal sa isang babaing Negra. Haya't sabi, "Wala na bang ibang babae na puwedeng pakasalan, ano ba 'yan? Ganoon dapat ang ginawa niya." At ang Diyos ay di nalugod doon, at pinadapuan siya ng ketong.

90 At ang kapatid nitong lalaki'y napasigaw, sinabi, "Hahayaan mo ba ang kapatid mong babae na mamatay na lang na ganyan ang kalagayan?"

91 At sinabi ng Diyos kay Moises na dumulog sa harapan Niya. At lumapit siya't namagitan dun kay—kay Miriam. Si Miriam nga'y hindi na nagtagal ang buhay pagkatapos nun.

92 Huwag kang magkakamali, kapatid. Ang ginagawa ng Diyos sa tuwina'y ganap. Wala tayong karapatan na mangialam, na gagamitin natin ang ating kaisipan, na magdadagdag tayo ng anuman Doon. Hayaan n'yo Ito kung ano na Ito. Ang Diyos ang gumawa; ang Diyos ang nagsalita Nito; 'yun na 'yun. Tanggapin n'yo lamang. Hindi ko alam kung paano ito . . . Dahil kung kaya kong ipaliwanag, kung ganoon ay kapantay ako ng Diyos. Di ko kayang ipaliwanag Ito. Sinasampalatayanan ko lamang Ito. Ganoon lang. Ganoon lang ang hinihingi sa aking gawin. Walang sinuman ang hinilingan na ipaliwanag ito, dahil lampas ito sa ating intelektuwal na kapasidad, lampas ito sa ating katalinuhan. Ang Diyos ang gumagawa nito, kaya hindi ito maipapaliwanag. Tinatanggap ko lamang ito, sa pamamagitan ng pananampalataya, at sinasabi, "Ito'y pribado kong pagmamay-ari, at sinasampalatayanan ko ito." Hindi ko ito kayang ipaliwanag.

93 Hayan nga na ang bato na 'yun ay naroon! Ang Diyos ay may bato, na 'yun ay inimbakang punong-puno ng tubig, haya't maliit na bato lang marahil di kalakihan kaysa sa mesa riyan. Pero nung hampasin ni Moises ang bato na ito, grabeng sapat ang tubig na lumabas mula rito na napainom ang dalawang milyong katao. At hindi lang sila, maging 'yung napakaraming mga baka't mga tupa't mga ari-arian na dala-dala nila.

94 Oh, kapag nakikita ko ang ilan sa mga pintor na ito, na nagpipinta ng larawan nito, na 'yung bato'y kakarampot—kakarampot na patak lang ng tubig ang inilalabas, at may batang paslit dun na may hawak na—na balde sa kanyang kamay! Oh, hindi lang ganoon ang inilabas nun.

95 Yun nga'y umagos bilang masaganang bukal na bumubulwak ang tubig. Tinubigan nun ang higit sa dalawang milyong katao, hindi pa ibinilang ang kanilang mga kamelyo't lahat ng iba pang mga hayop. "At ang Bato na yaon ay si Cristo Jesus." Isang magandang paghahambing sa Juan 3:16. "Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y

manampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan."

96 At pansinin n'yo ang nangyari. Ang tanging paraan para makuha nila ang tubig mula sa batong 'yun, ay hampasin ng tungkod ng paghahatol ang bato na 'yun. At hinampas ni Moises ang Bato na 'yun, at ang kahatulan ng Diyos ay tumama sa Batong 'yun. At nung mahampas na, inilabas nito ang tubig nito.

97 Ganap lamang na ang mga tao'y. . . Ang Diyos nga'y, hinayaan sila na mamatay, dahil sila'y di sumampalataya sa Kanya, sila'y kahiya-hiya, sila'y katakwil-takwil, hindi sila karapat-dapat na mabuhay, anupa't tinawag sila ni Moises na "mga rebelde," nagrebelde laban sa Diyos, at narapat lang sa kanila ang mamatay.

98 At lahat tayo'y karapat-dapat naman ding mamatay dahil tayo'y mga rebelde laban sa Diyos. Paghihirang. . . Pansinin, lahat tayo'y karapat-dapat na mamatay. Pero, ang Diyos ay puno ng kahabagan! Kung tutuusin ay di na Niya dapat tayo inisip pa. Pero, Siya'y mahabagin, na anupa't Kanyang inako ang mga kasalanan ng bawat isa sa atin, at ang hagupit ay ipinataw sa Kanyang Sariling minamahal na Anak, na si Cristo; upang hindi tayo mapahamak, bagkus ay magkamit ng Buhay na Walang Hanggan. Papaano nga natin maaatim na uminom mula sa Bato na 'yun, at heto't hindi tama ang ating puso?

99 Pero, kapatid, milyon-milyon sa kanila, sa umagang ito, ang ganyan na ganyan ang ginagawa. Ganoon nga. Kampanteng-kampante sila dahil sila'y Baptist, o Methodist, o Pentecostal. Kampanteng-kampante sila dahil may kamit silang kakatwang pakiramdam, dahil nakakapagsalita sila ng iba't ibang wika, dahil nakahihiyaw sila, dahil nakasasayaw sila, dahil nakapagdadaos sila ng gawain ng pagpapagaling at nagpagaling ang Diyos ng maysakit, o kung ano pa man na doon sila sumasalig, dahil mayroon daw silang kapahayagan (totoo po ito,) dahil nagawa raw nila 'yung *ganito*. Ang mga bagay na 'yan ay mainam naman, wala akong masasabi na laban sa mga 'yan, pero wala ngang kinalaman ang mga 'yan sa inyong kaligtasan, wala. Magawa mo man na lumabas ang langis mula sa inyong mga kamay na aabot ng isang galon, o dugo man mula sa inyong mukha, haya't wala pa rin 'yang kabuluhan. Ganoon nga.

100 Sinabi ni Pablo, "Makapagsalita man ako ng mga wika gaya ng mga tao at mga Anghel, at mapapahamak pa rin ako." Gayong may kamit akong karunungan at kaalaman, at magagawa kong tumayo at ipaliwanag ang Biblia na ito, na magagawa ko Itong tila, magdudugtong-dugtong Ito na maglalakip, wala pa rin 'yang kinalaman dito.

101 Kapatid, lahat sila'y uminom mula sa siya ring Bato na 'yun. "Ang Bato na 'yun ay si Cristo."

102 Ang mga kahatulan ay ipinataw kay Cristo, nang sa gayon ay magkaroon kayo ng pribilehiyo na lumapit at uminom. Yun nga'y dahil sa kabutihan ng Diyos sa inyo, na kayo'y makalapit para makainom. Ito nga'y dahil sa kabutihan ng Diyos sa inyo, na kayo'y makakain mula sa Salita. Kabutihan 'yan ng Diyos sa inyo, na ipinahintulot Niya na kayo'y mabautismuhan. Kabutihan 'yan ng Diyos, na gawin kayong mamamayan, bigyan kayo ng kalusugan, paupuin kayo sa simbahan sa umagang ito. Kabutihan nga ito ng Diyos. Ganap na kabutihan ng Diyos.

103 Pero paano naman ang kabutihan mong ibabalik sa Diyos? Handa ka bang itagubilin ang lahat, lahat ng kaisipan, lahat ng kilos, lahat-lahat sa Kanya? Hayan nga ang—hayan nga ang ginawa ng Diyos para sa inyo. Ano naman ang gagawin n'yo para sa Kanya?

104 Pansinin, sige't magbasa pa tayo ng ilang mga talata. At ako—ako'y magtatapos na, para makadako na sa ipapangusap niya ang pastor. Ngayon masdan. "At ang siya ring Bato na yaon ay si Cristo." Ngayon sa ika-5 talata.

> *Bagaman ang karamihan sa kanila ay ang Dios ay hindi. . .nalugod:. . .*

105 Kita n'yo? Pinahintulutan Niya na sila'y mabautismuhan. Pinahintulutan Niya na sila'y makakain ng Salita at sampalatayanan Ito. Pinahintulutan Niya sila na magkamit ng espirituwal na mga pagpapala. Pinahintulutan Niya sila na makainom mula sa espirituwal na Bato. Ang lahat nga'y ginawa ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, pero, sa kabila nun, ang Diyos ay hindi nalugod sa kanila. Tingnan n'yo.

> *. . .sapagka't sila'y ibinuwal sa ilang.*

106 Matapos ang lahat nitong mga karanasan, matapos ang lahat nitong dakilang mga gawain ng pagpapagaling na nasaksihan natin, matapos ang lahat nitong mga dakilang himala na nakita nating ipinamalas, matapos ang lahat nitong pambihirang mga pakiramdam na natamo natin, ng pagsisigawan at pagpupuri sa Diyos, pag-inom mula sa Bato na yaon, lahat ng maiinam na mga pangangaral na ating tinamasa, at sa kabila nun ay ibinuwal pa rin. Sa kabila ng lahat! "Magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasan. Kailanma'y hindi Ko kayo nakikilala."

107 Magsiyasat! May rebaybal tayong parating. Alam ko na mabigat ito. Pero, kapatid, sinumang tatay na hindi kayang ituwid ang kanyang mga anak ay hindi mabuting tatay. Ganoon nga. "Ibinuwal."

> *Ang mga bagay na ito nga'y pawang naging mga halimbawa sa atin,. . .*

108 Heto si Pablo na nagsasalita. Sinasampalatayanan n'yo ba ito? Isa nga 'yung halimbawa. Buweno.

. . .*upang huwag* tayong *magsipagnasa ng mga bagay na masama, na gaya naman nila na nagsipagnasa.*

109 Maiisip n'yo ba 'yun na isang lalaki ang tatayo, na isang tagasalang ng plaka, tagapagpatugtog ng plaka, at magpapatugtog ng mahahalay na rock-and-roll, tapos, "May bagay na nangyari, at ako'y pinaantig nang lubos," at samantalang hayan ang lahat ng salaulang mga awitin na tinutugtog ni Elvis Presley at mga kalalakihang ito, tapos babaling at gagayahin ang pangangaral ng Ebanghelyo? Isipin n'yo 'yun!

110 Maiisip n'yo ba 'yun na isang lalaki at isang babae ang naroon, at nakahilata ang babae sa bakuran, tapos ang damit ay nakakarimarim na mahahalay, na kalahating-saplot, ipinapangalandakan ang sarili sa harapan ng kalalakihan, tapos babaling at iinom mula sa espirituwal na Batong ito, at hihiyaw at magbubunyi-bunyi?

111 Mayroong pambihirang doktrina sa kalagitnaan ng mga Pentecostal ngayon, na dapat maging maluwag daw sa kababaihan. Nagsisipagsuot na sila ng malalaki't, pagkahaba-habang mga hikaw, at—at lahat na ng kung anu-anong uri ng pananamit.

112 Haya't may isang bata-bata pang lalaki ang pumarada sa harap ng aking bahay, mga ilang araw lang ang nakaraan, sakay sa isang munting truck, umiiyak, dahil ang asawa niyang babae. . .Pentecostal, nakakapagsalita ng iba't ibang wika, nakakapagsalita ng propesiya. Tunay. At sabi, "Ang buong iglesya nama'y nagsisipagsuot ng shorts." At ang lalaki. . . "Ang asawang babae'y lalabas ng lansangan, ng alas otso at alas nuwebe ng gabi, namumulot ng mumunting upos ng sigarilyo na itinapon ng ibang tao, at hihithitin 'yun. At sa kabila nun ay sumisigaw, nagpupuri sa Panginoon, at nagbibigay pa nga ng propesiya."

113 Tumayo ako nito lang sa isang iglesya, sa dako ng isang marangal na lingkod ng Diyos, na ako'y may malaking paggalang, at kanyang inilalantad ito. Matapos na isa sa mga kalalakihan, na isa sa mga nangunguna dun, ay lumabas, at—at hayun nga ang dugo na umaagos sa kanilang mga kamay at kung anu-ano pa. At samantalang namamaos na ako, manggagaling sa silangan, manggagaling sa kanluran, sinisikap na kondenahin ang bagay na ito, batay sa saligan ng Biblia. Yamang, hindi ito sa Diyos.

114 Anumang dugo na manggagaling kay Cristo ay korporal na Dugo, kung ganoon ay narito na pala ang Kanyang korporal na Katawan, na ang ibig sabihin pala'y tapos na ang ikalawang Pagdating. Pero ang sinabi ni Jesus, "Huwag n'yong paniwalaan, kapag sinasabi nila, 'Narito, narito Siya sa ilang.' Huwag n'yong paniwalaan, kapag, 'Narito Siya.' Huwag n'yong

paniwalaan. Dahil may mga bulaang Cristo ang lilitaw, at bulaang mga propeta, at sila'y magpapamalas ng mga tanda't mga kababalaghan, na anupa't dadayain ang mismong hirang kung maaari." At 'yan ang pinagsisigawan ko mula silangan hanggang kanluran.

115 At hanggang sa, Kanlurang Baybayin, isang matandang Dr. Canada, na isang matalik na kaibigan ko, ang tumayo. Tapos may isa pang lalaki, na tagapangasiwa ng isang tao na nagpasimula nito, ng isa sa mga pagkilos na ito, nagtungo roon at naglahad ng isang kagiting-giting na malakas na... Sabi, "Dalisay na langis at banal na dugo. Ang dugo natin ay malalantad ngayong araw na ito." At pinuno nila ang lugar. At ipinakita niya kung papaano, na sa ilalim ng sinturon niya, may dalawang karayom siya na nakapatusok dun.

116 Alam ng lahat na kung tutusukan mo ang daliri na ito, haya't hindi agad ito magpapatulo ng dugo maliban na pisilin mo ito o diinan ito. Butasan mo man 'yun, hindi aagos agad, dahil 'yung mga ugat ay malayo roon. At nung gawin na niya, ipinakita niya kung paano niya 'yun ginagawa.

117 May langis pala siya *rito* sa likod, dinadampi niya 'yung kamay niya roon. Tapos haharap siya roon at sasabihin, "Tingnan n'yo ang kamay ko, normal na normal." Tapos sasabihin niya, "Luwalhatiin ang Diyos! Hallelujah!" Tapos ididiin niya 'yung kamay niya nang *paganoon*. Hayan nga, may dugo nga na lalabas mula sa mga daliri niya. Habang ang lahat ay naghihiyawan, magpapahid siya ng kanyang ulo, at may krus na lilitaw. Hayan nga, na 'yung mismong tao na kasa-kasama nung lalaki na 'yun na nagpapamalas nun, ay naroon, inilahad kung paano ba 'yun sa harap ng mga tao, at hayun pa nga...kinalkal ang kanyang bulsa, para ipakita 'yung mga langis at iba pa.

118 May isa pa nga na naglagay ng hugis puso sa dingding, tapos sabi, "Itong dingding na ito'y hinihinga ang Dugo ni Jesus. Iyan ang puso ni Jesus." May malaking katawan na Texan ang lumakad palapit dun, hindi natatakot. Sabi, "Sinumang humawak diyan, mamamatay sila." May mga lubid pa sila. Ang lahat nga'y may litrato nun at lahat, doon, kung saan lumalabas 'yung dugo sa dingding, humihinga raw palabas ng dugo 'yung puso. Tapos heto ang isang lalaki na nagtungo at palihim na pumasok sa simbahan, siya at ang asawa niyang babae, nilinisan 'yung pintura na naroon sa dingding, at naupo roon at naghintay. Nang pumasok na ang mga tao ang sabi ng pastor, "Buweno, alam n'yo, kanina'y pumasok si Jesus at nilinis na yaong nasa dingding."

119 Sabi nung lalaki, "Wala naman talagang kinalaman si Jesus dun. Ako mismo ang naglinis nun, ako mismo." Ganoon nga.

120 Anong nangyari? Ang dahilan kasi'y ang mga tao'y hindi nakatatag, sa Salita ng buhay na Diyos. Hindi ba't sinabi ng Biblia, "Sila'y magsisilaboy mula silangan, hanggang kanluran, mula hilaga, at katimugan. Magkakaroon ng tag-gutom, ngunit hindi sa tinapay at tubig lamang, kundi sa pakikinig ng Salita ng Diyos"? Grabeng panahon ito na kinabubuhayan natin!

121 At nakikita natin ngayon kung papaanong itong lahat na mga naglalakihang mga denominasyong kaiglesyahan ay nagpipisan na sama-sama, at dumating na sa punto na kailangan kasapi ka sa kapisanan na ito ng mga kaiglesyahan bago ka magkaroon ng programa sa radyo. Mawala man kayo sa radyo. Naku, huwag kayong mag-alala roon. Hayan nga sila, rin, at lahat nitong programa sa telebisyon. Kailangan mo raw maging kasapi muna sa kapisanan ng mga kaiglesyahan bago kayo magkaroon nun. At kung makikipisan kayo sa ganoon, wala nga kayong ibinubunsod sa mundo kundi ang tanda ng halimaw, ng Biblia. Hayan nga. Nakikita n'yo ba kung papaanong nagkakapisan ang lahat na sama-sama?

122 Oh, salamat sa Diyos, may tunay na buhay na Diyos. Tunay na may totoong Panginoon. Tunay na may totoong Salita. Tunay na may totoong pagpapagaling. Tunay na may totoong lahat na ito. Pero, kapatid, huwag na huwag mong ibabase ang pananampalataya mo sa kung anong munting sensasyon, sa kung anong seremonya ng simbahan, sa pagsalo sa komunyon, sa pagkain mula sa espirituwal na Bato.

123 Sasabihin n'yo, "May nalalaman ako tungkol *dito*, kapatid. Nalasap ko ang Diyos." Marahil totoo nga 'yan. Pero anong uri ng dako ang kinabuhusan nito? Yun ang dapat na kasunod. Sa anong klaseng sahuran ito nasalo? "Sa matutuwid at di-matutuwid." Ngayon pakinggan n'yo.

> *Ang mga bagay na ito nga'y*. . . naging *mga halimbawa, upang huwag* tayong *magsipagnasa ng mga bagay na masama, na gaya naman nila na nagsipagnasa.*

124 Ano 'yung pagnanasa nila? Ngayon, pakinggan n'yo, gusto ko lang dakuan pa ito nang mas malalim, kung ipahihintulot n'yo.

> *Ni huwag din naman kayong mapagsamba sa mga diosdiosan,* . . .

125 Oh, sasabihin n'yo, "Naku salamat sa Diyos, hindi ako sumasamba sa diyus-diyosan." Sandali lamang po. Suriin natin ito sa pamamagitan ng Salita. Sasabihin n'yo, "Hindi ako sumasamba sa diyus-diyosan." Hindi ibig sabihin n'yan ay ganap na di na kayo sumasamba sa diyus-diyosan. Wala ka lang gawin, walang gagawin. Magsisimba, "Siyanga, tama na ito." Uuwi, wala namang gagawin tungkol Dito.

126 Kapatid, ang isang tunay na ipinanganak muli na lalaki o babae ay di 'yan mapapakali. May kung anong Bagay sa kalooban nila. Kinakailangan nilang magpatotoo. May

kinakailangan silang gawin. May bagay sila na ano't anuman ay gagawin at gagawin nila. Hindi nila kayang tumahimik na lang. Pakinggan n'yo.

> *Ni huwag din naman kayong mapagsamba sa mga diosdiosan, gaya* (niyaong) *ilan sa kanila; ayon sa nasusulat, Naupo ang bayan upang magsikain at magsiinom, at nagsitindig upang magsipagsayaw.*

127 Ano ang inilalahad dito ni Pablo? Mga halimbawa. Sila'y nabautismuhan tungo sa iglesya. Kung tutuusin ay kamit nila ang wastong bautismo. Minsanan; tatlong beses paharap; patalikod; sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo; sa mga Jesus only; anuman 'yun, kamit nila ang wastong bautismo, tama ang pagkakabautismo sa kanila. Tayo nga'y nag-aaway at nag-aalitan, at nagdidiskusyunan tungkol sa maliliit na bagay na gaya n'yan. Ano ngang mabuting maidudulot nun? Napapalayo kayo sa pangunahing alituntunin mismo. Ang mga simbahan natin ay naghihiwalayan, dahil sa bautismo. Siyanga.

128 Tapos sasabihin n'yo, "Oh, hallelujah! Hindi nila natanggap ang espirituwal na pagpapalang natanggap natin. Sila'y malamig, pormal. Luwalhatiin ang Diyos, kumakain ako sa tunay na Manna ng Diyos. Alam ko na Ito ang Katotohanan." Katotohanan namang talaga 'yan, pero ano ngang kaibhan ang maidudulot nun? Sasabihin n'yo, "Kapatid, naku. . . Ang—ang Espiritu Santo ay tunay na bumubuhos sa iglesya namin." Mainam kung ganoon, pero ano ngang kaibhan ang maidudulot n'yan sa inyo, kung hindi ka naman ang tamang uri ng sisidlan na bubuhusan Nito? Alalahanin.

129 Oh, sasabihin n'yo, "Sinsero ako." Sila rin naman. Iniwan pa nga nila ang kanilang mga tahanan at humayo, na kahit ilantad pa nila ang leeg nila, na sundan-sundan sila ng kamatayan. Kung tutuusin mas marami pa nga silang nagawa kaysa sa gagawin natin. Wala nga 'yung kinalaman ni katiting dun. Pagkaisipin n'yo 'yun.

130 Sabi ng Biblia, "Sa walang kabuluhan ay nagsisisamba sila sa Akin. Sa walang kabuluhan ay nagsisisamba sila sa Akin." Tunay na totoong pagsamba, nang walang kabuluhan. Saan 'yun nagpasimula? Doon pa mismo sa halamanan ng Eden, kay Cain. Sinamba niya ang Diyos katulad din na sumamba si Abel, pero sa walang kabuluhan nga siya sumamba sa Diyos. Siyanga, po. "May daan na tila tama sa isang tao."

131 Sasabihin n'yo, "Buweno, bakit ganoon? Ako nga'y nakapagsisi na. Bakit di pa rin ako tama? Nakapagsisi naman na ako. Sa tingin ko kasing buti ako ng iba pa riyan. Dumadalo ako ng simbahan. Nabautismuhan pa nga ako. Nagkamit ako ng mga pagpapala ng Diyos. Gustung-gusto ko nga ang isang mainam na pangangaral. Gustung-gusto ko ang Salita ng Diyos. Gustung-gusto kong basahin Ito. At nakatatanggap din naman

ako ng espirituwal na mga kaloob, siyanga. At, hallelujah, nakakapagpropesiya ako. Nakakapagsalita ako ng iba't ibang wika. Nagawa ko mismo ang lahat ng mga ito, tapos sasabihin mo lang na 'ito'y sa walang kabuluhan'?"

132 Ngayon, hindi ko sinasabi na ito'y sa walang kabuluhan, pero posibleng sa walang kabuluhan 'yan. Ganoon nga. Nakadepende ito sa kung ano kayo *diyan* sa kaibuturan, siyanga, at kung ano kayo sa pagtanggap nito. Kung di kayo naipanganak na muli, kung wala ngang aktuwal na bagay diyan sa kaibuturan n'yo, kung ganoon ay sa walang kabuluhan ito. Lahat ng mga pagpapalang ito, hindi ito sa ganang akin. Ngayon isa na lang po.

> *Ni huwag din naman tayong makiapid, na gaya ng ilan sa kanila na nangakiapid, at ang nangabuwal sa isang araw ay dalawangpu at tatlong libo.*

133 "Nangakiapid," espirituwal na mga pakikiapid ang tinutukoy. Kung may oras lang sana tayo . . . Patapos na kasi ang Sunday school. Espirituwal na pakikiapid!

> *Ni huwag din naman nating tuksuhin si Cristo, na gaya ng pagkatukso ng ilan sa kanila, at nangapahamak sa pamamagitan ng mga ahas.*
>
> *Ni huwag din kayong mangagbulongbulungan, na gaya ng ilan . . . na nangagbulungan, at nangapahamak sa pamamagitan ng mga mangwawasak.*

134 Pagbubulung-bulungan, pagnanasa, ihinahalubilo ang sanlibutan sa inyong relihiyon, naglilimayon . . . Ang ibig ng Diyos ay kadalisayan, tunay na kadalisayan.

135 Itong umagang ito, may nakausap ako. Naisip ko, "Ano . . . " Ngayon, sa pagtatapos po, naisip ko ito: "Ano pa ang mas tatamis sa buhay ng isang lalaki? Ano pa ang mas tatamis sa uuwi sa tahanan, kapag ang isang lalaki'y pagod at hapo, na may dalang balde sa kanyang kamay, mula sa pagtratrabaho buong araw, o pag-aararo, o anupaman ito, na papasok doon at may kaibig-ibig na asawang babae na sasalubong sa kanya sa may pintuan? Mauupo sa kanyang kandungan pansumandali, at pupunasan ang kanyang noo nang kaunti, at hahagkan siya sa may pisngi, at iaakbay ang kanyang mga bisig sa lalaki, at sasabihin, 'Mahal, alam ko—alam ko na pagod ka, nagtrabaho ka nang husto.' Aaliwin siya."

136 Lalo na't alam na alam niya na ang bisig na 'yun, na nakaakbay sa kanya, ay kanyang-kanya lamang. Kanya mismo. Hindi 'yun kailanman umakbay sa sinupamang ibang lalaki o anupamang ibang ninanasa. Yung halik sa kanyang pisngi ay mula sa tapat, dalisay, na banal na pusong umiibig sa kanya, at sa kanya lamang. Ganoon na lamang na kayo'y . . . Alam ko, mapapaliyad kayo ng inyong dibdib, sasabihin, "Oh,

hindi naman ako ganoong kapagod, kung tutuusin." Kita n'yo? Ganoon 'yun. May bagay mismo na ibinubunsod sa inyo.

137 Sige't may gusto akong sabihin sa inyo na isang bagay. Paano kaya kung 'yung halik na 'yun ay inihalik sa kanyang pisngi at ang kaso'y wala siyang tiwala? Baka kasi naihalik 'yun sa pisngi ng ibang lalaki. Paano na lang kaya kung ang mga bisig na 'yun ay iniakbay sa kung kanino na lang, at may pagnanais na gawin pa rin 'yun sa iba? Magiging walang kabuluhan 'yun. Wala ngang pagpapahalaga ang mapanghahawakan dun. Bakit?

138 Ngayon, sa pasimula, sila'y isa. Ang Diyos, noong likhain Niya ang lalaki, nilikha Niya siya na isang dalawahang persona, parehong lalaki at babae. Pinaghiwalay Niya siya, sa laman; at inilagay ang lalaki rito sa lupa, sa laman, at ang babaing bahagi ay nasa espiritu pa noon.

139 Masdan n'yo, kaibigan, ang Diyos nga'y maingat na maingat. Oh, papaano ngang...Huwag n'yong maiwawaglit ito sa inyo. Ang Diyos nga'y hindi dumakot ng sangdakot na alabok at nilikha si Eba; kung ganoon ay iba sana siyang likha. At hindi siya nilikha. Ang babae'y produkto mula sa orihinal. At ang Diyos ay may hinugot sa puso ni Adan, may kinuha na tadyang, mula roon sa ilalim ng puso nito, at kinuha mismo ang isang tadyang at ginawa itong kabiyak niya. At ang mismong bahagi ng espiritu ni Adan ay naroon sa babae, at silang dalawa ay isa; kaluluwa, katawan, espiritu, sila'y isa. Sila nga'y ganap na iisa. Ang isang tunay na babae...At ang isang tunay na asawang lalaki, ang isang tunay na asawang babae, isa sila, magkalakip.

140 Ano ang itinitipo nun? Si Cristo, mula sa Kanyang dibdib! Hindi kung saan nanggaling, hindi Methodist, ni Baptist, ni Pentecostal na doon pinisa. Hindi, po. Kundi mula sa Kanyang Sariling puso, Siya'y humugot ng isang Kasintahan na ganoong kadalisay at tapat gaya Niya. Ang Kasintahan ngang ito'y kasing tapat gaya ng isang liryo.

141 Tingnan n'yo, tingnan n'yo si Solomon dun na nagsasalita, "Halika, aking sinta, lumakad tayo sa mga bungang granada. Tayo'y magpakasya sa pagsisintahan." At kapag ang isang tunay na mananampalataya'y hahawiin niya ang kanyang mga bisig para ilantad ang isang dalisay na puso, at itatagubilin 'yun kay Cristo, 'yung pagsinta na 'yun ng umiibig kay Cristo'y dadako sa Kanyang dibdib. Heto nga ang Kanyang Asawang Babae, gaya ng isang asawang lalaki sa kanyang tapat na asawang babae.

142 Kaya anong klaseng mga tao dapat tayo? Tayo ba'y aasta na isang patotot, kay Cristo? Umaasa ba tayo sa kung anong mumunting mga bagay, at humahangad pa rin sa sanlibutan at mga bagay ng sanlibutan, at ang kaisipan ay makamundo, at wala nitong tunay na pag-ibig at malasakit na dapat mayroon tayo?

143 Maaatim n'yo ba, naku, Maaatim n'yo ba na ang sarili n'yong asawang babae, kapatid, hetong papalapit at mauupo sa inyong kandungan na ang kamison ay may mumunting maninipis na palawit at ang kanyang munting damit pang-ilalim ay may kung anu-anong mga laso-laso, at ang buhok ay nakapataas, at nakatali marahil, at lahat na gaya nun? Iaakbay niya ang kanyang bisig sa inyo, sasabihin, "Oh, John, mahal na mahal nga kita, *halik*, *halik*, *halik*, mahal kita." At mararamdaman n'yo agad na may kung anong bagay na mali roon. Wala kayong kumpiyansa sa kanya, kahit na gaano pa siyang kaganda at gaano pang kaayos ang dating niya. Kayo, kung wala 'yung ganap na kumpiyansa n'yo sa kanya, may kung anong bagay nga na mali. Hindi nga nun—hindi nga nun napupunan ang kaluguran na mayroon ang isang lalaki sa kanyang asawang babae.

144 At kaya ngayon ay pagkabulayan n'yo ang inyong sarili na nakikipaglaro sa sanlibutan at napupuluputan ng sanlibutan, tapos kayo'y luluhod, sasabihin, "Oh Panginoong Jesus, mahal na mahal Kita." Isa nga 'yang nakakalapnos, na mala-Judas, na ipokritong halik. Ganoon nga. Bulayin n'yo ang mga bagay na ito. Heto't may paparating na rebaybal ngayon. Kita n'yo?

145 Oh, marahil may suot kang singsing na ikinasal kayo, siyanga, pero di ka pa rin maituturing na isang asawang babae. Oh, marahil kayo ang babae. Kayo marahil ang pinipitagang babae ng tahanan, pero hindi kayo maituturing na asawang babae kapag ganyan ang kilos n'yo.

146 At hindi kayo tunay na Cristiano, hindi kayo tunay na dalisay na bagay para kay Cristo, kung hindi n'yo Siya iniibig nang lahat-lahat nang nasa inyo.

147 Hindi ko alintana gaano man kayong kaganda, o hindi man, pagkaibigin n'yo Siya at ilahad n'yo ang lahat-lahat na nasa inyo. Diyan nga kayong dalawa'y magiging isa; sa ganyan nga si Cristo at ang Kanyang Iglesya. Hindi sa pamamagitan ng denominasyon, hindi sa pamamagitan ng bautismo, hindi sa pamamagitan ng mga sensasyon; hindi sa pamamagitan ng anupaman bagkus sa pamamagitan ng tunay na pag-ibig ay inilabas kayo, mula sa dibdib ng Diyos, noong Siya'y masugatan doon at kayo'y inilabas Niya. At ang inyong pag-ibig, at inyong katapatan, at inyong katapatang-loob, ang magpapatunay kung ano kayo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Kayo man ay may batik-batik, o kayo man ay . . .

148 Hindi ko nga alintana kung ang aking asawang babae ay di nagsusuklay ng kanyang buhok, kung hindi siya nakakapagsuot ng magagandang damit, o hindi pa . . . Hayan nga, siya'y aking pinakamamahal ano't anuman. Ganoon na lamang ang paghanga ko sa kanya dahil sa kanyang katapatan, sa kanyang moral na kalinisan. Kung ano siya, ganun nga siya.

149 At sa ating pagiging mga lalaki't babaing Cristiano, ganyan dapat tayo sa paningin ng Diyos. Wala nga ito sa kung tayo ba'y nakadadalo sa pinaka mainam na iglesya, o nakakapanamit tayo ng magagara, o kung nakapupunta tayo sa pamayanan na *ito*, o kung nagagawa ba natin 'yung *ganito*, o kung ang nasasakyan ba natin ay *ganito*, o nagagawa natin 'yung *ganito*, *ganoon*. Wala nga 'yang anumang kinalaman dito. Ang mahalaga'y ang pagkadalisay ng ating katapatan at pag-ibig natin kay Cristo. At 'yun ang Kapanganakan. Yun ang bagay na dapat dumating.

150 "At kahit pa'y nakakapagsalita ako ng wika ng mga tao at mga Anghel; wala akong kabuluhan. Kahit pa napapakain ko ang mahihirap; kahit pa naipapamigay ko ang aking mga ari-arian; kahit nagagawa ko 'yung *ganito*, at nagagawa 'yung *ganoon*, at nagagawa 'yung *ganoon*; ako'y walang kabuluhan." Ano ngang kinalaman ni Cristo sa lahat ng kaya mong gawin, at lahat ng nagagawa mong gaya n'yan, kung wala naman itong tunay, na dalisay na pag-ibig at pagkamatapat? Bulayin n'yo 'yan, kung maaari lang?

151 Ito po'y Sunday school, at, alalahanin n'yo, isa itong leksyon sa inyo. Ilagay n'yo, sa puso n'yo, na si Cristo ang una't pangunahin sa tuwina, gaya ng isang tunay na babae sa kanyang asawang lalaki. Na walang ibang bisig ang makadadampi sa kanya, kahit na ano pa. Walang ibang halik, kahit na gaano pang kaaya-aya itong tingnan, na anupa't ibabaling niya ang ulo niya. Nakatuon siya sa iisang pag-ibig, at 'yun ay para sa kanyang asawang lalaki. Ganoon nga. Kahit na gaano pang kaguwapo ng lalaki, gaano pang kakintab at kaayos ang itsura ng buhok ng lalaki, at kahit na gaano pang katipuno ang tindig niya. Wala, nga. Walang talab. Ang iniibig niya'y ang kanyang asawang lalaki, at siya lamang ang minamahal niya. Doon niya lamang inilalaan ang lahat ng kanyang puri at lahat ng kanyang mga halik, lahat ng kanyang pagmamahal at lahat-lahat na ay sa kanyang asawang lalaki, at sa kanya lamang. Nakikita n'yo ba ang ibig kong iparating?

152 Haya't iwaglit mo man ang lahat sa sanlibutan, kahit na gaano pang kagara ito, gaano mang kainam ito, at gaanong kahali-halina ito. Ang puri mo ang ibinibilang na mas matimbang.

153 Mangyari nga na sasabihin n'yo, "Oh, hallelujah! Alam ko—alam ko na kamit ko ito, dahil nagawa ko 'yung *ganito*. Hallelujah!" At ang pagtitimpi mo'y sapat din naman para lumaban sa ngitngit ng lagaring bakal.

Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, kapatid, malinis na puri ang isinasaalang-alang ni Cristo.

154 "Kahit makapagsalita man ako ng mga wika ng mga tao't mga Anghel; kahit pa nakakapagpalabas ako ng dugo mula sa dalawa kong kamay; kahit pa nakasisigaw ako at

nakasasayaw, sa Espiritu; kahit kumakain pa ako ng Salita ng Diyos, at nalulugod Dito; kahit nakaiinom ako mula sa siya ring espirituwal na Bato gaya ng iba pa sa kanila; kahit nakakapalakpak ako ng aking mga kamay, nang singlakas ng gaya ng iba pa." [Ipinapalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay—Pat.] "Kahit kaya kong lumuha ng luha ng buwaya; kahit pa nagagawa ko ang lahat ng *ito*! Pero kung ang tunay, na dalisay, na tunay na Cristianong moral na kalinisan ay wala dun para kay Cristo, kayo'y nagiging tanso lang na pinatutunog at batingaw na umaalingawngaw." Binabalaan noon ni Pablo ang kanyang iglesya ukol dito, ang iglesya ng Corinto, na, 'yun nga'y nasasalabat sa kung anu-ano't lahat na ng mga pambihirang bagay.

155 Binabalaan ko rin kayo, mga kaibigan. Alalahanin n'yo, kailangan akong managot para sa inyo roon sa Araw na 'yun ng Paghatol, pero ang dugo n'yo ay di-maisisingil sa akin. Kahit na gaano pa kayong katapat sa kung anupamang ibang bagay, maging matapat dapat kay Cristo. Alalahanin n'yo 'yan, habang mananalangin tayo.

156 Mapagpalang Makalangit na Ama, sa kasalukuyang estado na ito, kami'y dumudulog ngayon at ipinagtatapat ang lahat ng aming mga kamalian. Oh, Ikaw po'y mahabag, mahabaging Diyos. At dalangin namin na Ika'y tumunghay sa aming mga puso. At sa oras na ito na kami'y naghihintay, habang ang mga ulo nami'y nakayuko sa alabok, Ikaw po'y tumingin sa puso ng matandang lalaki, sa puso ng matandang babae, sa puso ng mga nasa edad media, at sa mga kabataan, at maging sa maliliit na mga bata. At nawa'y masiyasat namin ang aming sarili.

157 Kami po'y papalapit na sa banal na sanlinggong 'yun sa aming paggugunita ng Biyernes Santo at Pasko ng Pagkabuhay, at pagkabuhay na mag-uli. Gayong sa taon na ito'y tapat kami sa iglesya, gayong nakikisalo kami sa komunyon, gayong nakahihiyaw kami, gayong nakakagawa kami ng maraming mga bagay, pero, Oh Diyos, Ikaw po'y tumunghay pababa sa aking puso. Akin pong ibinibilang ang sarili ko rito. Ikaw po'y tumingin sa aking puso at sa puso ng mga taong narito sa umagang ito, at siyasatin kami, Panginoon. Kung may bagay na umaagaw ng puwesto ni Cristo, Oh Diyos, Iyo pong alisin ito. Ito ma'y katamaran, kawalang kasapatan man, ano man ito, di ko po tukoy. Pero, Diyos, iyo pong alisin ito mula sa amin. Oh, di po namin ibig na mabuwal kami sa oras na ito ng pakikibaka, mabuwal ng Diyos at maging kaaway Niya.

158 Oh Diyos, Ikaw po'y tumunghay sa aming mga puso. Iyo pong siyasatin kami ng Iyong Espiritu Santo, at ibunsod na aming makita, sa umagang ito, kung mayroon man masamang bagay sa amin. Kung mayroon po, ay Iyong alisin, Ama. Amin na itong inilalapag sa dambana, para lumakad palayo at iwan na ito roon. Kung ito ma'y pagkabatugan, ito ma'y init ng ulo,

ito ma'y pagiging walang pakialam, ito ma'y pagsasawalang-bahala, ano man po ito, ito ma'y pagkamuhi, ito ma'y masamang paghahangad, ito ma'y pagkakaalit, ano man po ito, Oh Diyos, Iyo pong alisin na ito mula sa amin, ngayong araw na ito.

159 At sa parating na rebaybal, nawa kami'y mapuspos mismo ng Iyong kaluguran, Panginoon, hanggang sa marami mismo ang magsidulog at maligtas, ang munti pong komunidad dito, kung saan lubos-lubos ang pagsusumikap namin. Ang unang rebaybal ngayon sa loob ng sampung taon, na aking idinadaos. Ngayon, dumadalangin po ako na Iyong ipagkakaloob ang tunay, na tunay na espiritung 'yun na mapasa aming puso.

160 At nawa'y umangkla 'yun doon nang mapasa Walang Hanggan. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyong ibunsod na siyasatin namin ang aming mga sarili, kami na mga may asawa na, sa pamamagitan ng kung papaano namin tratuhin ang aming asawang babae, kung kami ba ay talagang tapat, o kung gaanong katapat ang aming asawang babae sa amin. At nawa po'y mailagak namin sa aming mga puso, sa umagang ito, na mabulay namin na ano kaya kung ang bagay na gaya nun ay nangyari sa aming tahanan. At kaya naman nawa'y maibaling namin ang lahat ng aming pagsinta sa Iyo, at sabihin, "Oh Diyos, mahabag Ka po sa akin."

161 Oh, kung—kung ang isang asawang babae nga'y, isang beses lang kada buwan, lalapit at idadantay ang kamay niya sa kamay mo, at sasabihin, "Mahal, minamahal kita," tapos lalakad na, oh, tunay na mapapaisip ako na aba't kinakaligtaan niya yata ako, mangyari ngang may bagay yata na mali. At Diyos, kung papaano nga na marahil isang beses lang sa isang buwan, o minsan lang kapag dumadalo lang kami sa simbahan, ay doon lang kami nag-aalay ng munting panalangin! Oh, hangad Mo po ang aming pag-ibig, ang aming—aming—aming komunyon, sa lahat ng oras, at ang aming pag-iisip at hangarin ng aming puso'y dapat mananatili sa Iyo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

162 Oh, panatilihin Mo na ang aming mga puso'y nakatuon lamang sa Iyo, nang sa gayon ang mga bagay sa sanlibutan ay di na makita pa at maging wala nang kuwenta. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyo pong dinggin kami ngayon, at pagpalain pa kami sa pagpapatuloy ng mga gawain na ito. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

163 Ngayon, pagpalain nga kayo ng Panginoon, nang tunay na mainam. At ako. . . Pasensya na po kung sumobra ako ng ilang minuto sa pagsasara ng Sunday school. At dalangin ko na pagpapalain kayo ng Diyos. Hindi ko po sinasabi lang ang mga bagay na ito; ito po'y galing mismo sa Salita ng Diyos. Ang mga ito'y halimbawa sa atin. Mga halimbawa ang mga ito.

164 At ngayon, tingnan mo, kaibigan, ano kaya ang mararamdaman mo kung malaman mo na ang asawa mong babae na humahalik sa iyo'y isa palang taksil? Isipin n'yo 'yun. Pagkaisipin n'yo 'yun pansumandali. Anong iisipin n'yo?

165 Ngayon kung lalapit kayo sa Diyos, at isa pala kayong taksil, huwag n'yong gagawin 'yan. Tayo'y maging tapat. Hindi n'yo kailangang manalig sa sensasyon. Hindi n'yo kailangang tumuon sa kung anong iba, yamang ang buong himpapawid ay punung-puno ng tunay at dalisay na pag-ibig ng Diyos. Bakit n'yo pa kailangang ng iba kung magagawa n'yo namang kamtin ang tunay? Ito po'y para sa inyo. Ngayon nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon, habang itinatagubilin ko ang gawain na ito sa ating pastor.

166 At huwag n'yong kakalimutan sa sanlinggong ito, ngayon, ang munti pong rebaybal ay para po sa komunidad at sa ilan pang karatig na mga bayan sa palibot dito. Gamitin n'yo ang telepono n'yo, tumawag kayo sa mga tao, sabihan n'yo sila na magpunta. Magdadaos tayo ng mga pagtawag sa pagdulog sa altar, at magtatamasa ng mainam na panahon, sa sanlinggong ito, sa Panginoon.

167 Pagpalain kayo ng Panginoon hanggang sa pagkikita natin uli sa parating na Miyerkules ng gabi.

*Mga Taga-Corinto, Aklat Ng Pagtutuwid* TAG57-0414
(Corinthians, Book Of Correction)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Abril 14, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org